


7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Konsensya at ang Likas na Batas Moral



Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 7

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Konsensya at ang Likas na Batas Moral Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Dory Flor F. Perlas
Editor:	Loida S. Pigon
Tagasuri:	Irnanie A. Enrico, Loida S. Pigon, Ma. Luz N. Darjuan Ronilyn B. Conales, Cristy R. Temple, Elma C. Palen
Tagaguhit:	Khristine S. Lacsamana
Tagalapat:	Khristine S. Lacsamana, Reggy C. Asupre Mario Johray V. Manongdo
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Atty. Suzzette T. Gannaban-Medina Susana M. Bautista Cynthia Eleanor G. Manalo Mariflor B. Musa Freddie Rey R. Ramirez Danilo C. Padilla Annabelle M. Marmol Domingo L. Mendoza, Jr. Elmer P. Concepcion Loida S. Pigon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., corner St. Paul road Pasig City

Telefax: (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-2897

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 2:
Ang Konsensya at ang Likas
na Batas Moral**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Sa Modyul 1, natutuhan mo na dapat gamitin ang isip para sa pagtuklas ng mga kaalaman na ayon sa katotohanan upang makapili ang kilos-loob ng mga kilos na mabuti. Sa modyul na ito naman, pag-aaralan mo ang kilos ng isip at kilos-loob sa pagbuo ng pasiya. Ano ang *kilos* ng isip na *maghusga* kung ano ang mabuti at masama sa isang sitwasyon? Ano naman ang gagabay sa isip upang piliin nito ang pasiya o kilos na mabuti? Paano dapat kumilos ang isip tungo sa katotohanan at paano dapat kumilos ang kilos-loob tungo sa kabutihan?

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nakikilala na natatangi sa tao ang Likas na Batas Moral dahil ang pagtungo sa kabutihan ay may kamalayan at kalayaan. Ang unang prinsipyo nito ay likas sa tao na dapat gawin ang mabuti at iwasan ang masama. (EsP7PS-IIc-6.1)
2. Nailalapat ang wastong paraan upang baguhin ang mga pasya at kilos na taliwas sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral. (EsP7PS-IIc-6.2)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod ang **hindi** naglalarawan sa Konsensya?
 - a. Ito ang nagsasabi sa atin nang malinaw kung ano ang dapat nating gawin o hindi gawin.
 - b. Ito ay ang kilos ng isip na *maghusga* kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama.
 - c. Ito ay ang batayan ng kilos-loob sa paghuhusga ng mabuti o masama.
 - d. Ito ay ang pangunahing kamalayan sa mabuti at masama.
2. Mayroong dalawang elemento ang konsensya: **una**, ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti at masama sa isang sitwasyon; **ikalawa**, ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti. Ito ay nangangahulugang ang pangunahing gamit ng konsensiya ay:
 - a. makinig sa pakiramdam na piliin ang mabuti.
 - b. pagnilayan ang kalalabasan ng pasiya o kilos.
 - c. tukuyin ang dapat gawin sa isang sitwasyon.
 - d. kilalanin ang mabuti at masama sa isang sitwasyon.

3. Ano ang batayan ng konsensiya sa paghusga ng mabuti at masama?
 - a. Batas panlipunan
 - b. Likas na Batas Moral
 - c. Mga turo sa simbahan
 - d. Mga aral ng magulang

4. Ang Likas na Batas Moral ay hindi naiimpluwensiyahan ng anumang bagay lalo na ng pagtingin ng tao rito: Ang batas na ito ay nangangahulugang:
 - a. di nagbabago
 - b. obhektibo
 - c. unibersal
 - d. walang hanggan

5. Alin sa sumusunod ang tama tungkol sa Likas na Batas Moral?
 - a. Ito ay batas na binuo ng lipunan upang magkaroon ng gabay ang bawat isa sa pagiging mabuti.
 - b. Ito ang nagbibigay ng kakayahan sa konsensiya na kilalanin ang mabuti at masama.
 - c. Ito ay pamantayan na dapat sundin ng lahat ng nilikha ng Diyos na may buhay.
 - d. Ito ang batayan ng paghusga sa kung ano ang tama at maling pasiya at kilos.

6. Ano ang magandang epekto sa konsensiya kung gagamitin nitong gabay ang Likas na Batas Moral?
 - a. Matutukoy ng konsensiya ang mabuti o masama at magagabayan ang ating mga pasiya at kilos.
 - b. Magkakaroon ng pamantayan ang ating konsensiya sa pagtukoy ng ating mga pangarap
 - c. Magiging handa tayo sa mga mahihirap na sitwasyon na darating sa ating buhay.
 - d. Malalaman ng kilos-loob ang kaibahan ng tama sa mali sa mahirap na sitwasyon.


7. Nakita mo ang iyong matalik na kaibigan na kumokopya ng takdang-aralin sa isang kamag aral. Hinikayat niyang kumopya ka rin dahil sa wala ka ring takdang-aralin. Sinasabi sa iyo ng iyong konsensiya na dapat maging tapat ka sa mga gawain pang-akademiko sa paaralan. Ano ang iyong dapat gawin?
 - a. Makikinig sa iyong konsensiya at hindi na gagawa ng takdang-aralin.
 - b. Magpapasalamat ka sa iyong matalik na kaibigan at pakokopyahin mo na lang siya sa susunod na ikaw naman ang may ginawang takdang-aralin.
 - c. Susundin mo ang iyong konsensiya at gagawa ka ng sariling takdang-aralin upang maging tapat ka sa paggawa ng takdang aralin.
 - d. Sasabihin mo sa iyong guro na wala kang takdang-aralin at gagawin mo na lang ang susunod na takdang-aralin.

8. Ang konsensiya ay ang personal na pamantayang moral ng tao.
Ang pahayag ay:
- Tama, dahil ang konsensiya ay ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad sa tao.
 - Tama, dahil ang konsensiya ang kumikilala sa tama at mali.
 - Mali, dahil ang Likas na Batas Moral ang mas mataas na pamantayan ng moralidad.
 - Mali, dahil ang paghuhusga ng tama at mali ay hindi personal.
9. Ang Likas na Batas Moral ay para sa lahat ng tao. Ito ay nauunawaan at katanggap-tanggap sa lahat. Dahil ito ay nakaukit sa kalikasan ng tao, sinasaklaw nito ang lahat ng tao. Ito ay nangingibabaw sa lahat, anuman ang lahi, kultura, sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon. Anong katangian ng Likas na Batas Moral ang ipinahahayag dito?
- Ang Likas na Batas Moral ay laging obhektibo.
 - Walang hanggan ang Likas na Batas Moral.
 - Hindi nagbabago ang Likas na Batas Moral.
 - Ang Likas na Batas Moral ay unibersal.
10. Sa pamamagitan ng Likas na Batas Moral, nakikilala ng tao ang mabuti at masama. Ngunit mayroon ding malayang kilos-loob ang tao na may kakayahang piliin ang mabuti o masama. Ano ang mabubuod mula sa mga pangungusap na ito?
- Nakikilala ng tao ang mabuti o masama dahil sa Likas na Batas Moral ngunit dahil malaya siya, maaari pa rin niyang piliin ang masama.
 - Laging mabuti ang pipiliin ng tao dahil alam niya at ng konsensiya niya ang pamantayang Likas na Batas Moral.
 - Hindi kailanman pipiliin ng malayang kilos-loob ang gumawa ng masama dahil alam nito ang mabuti at masama.
 - Dahil sa Likas na Batas Moral, nalalaman ng konsensiya ang tamang batayan ng mabuti at masama.

Aralin**1****Ang Konsensya at ang Likas ng Batas Moral****Balikan**


Panuto: Pag-aralang mabuti ang sitwasyon na nasa unang kolum ng *graphic organizer*. Suriin ang opsyon na patungo sa katotohanan at ang kilos na patungo sa kabutihan. Ilagay ang sagot ayon sa hinihingi ng bawat kolum. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sitwasyon	Pangangatwiran ng isip tungo sa katotohanan	Aksyon na gagawin ng kilos-loob tungo sa kabutihan batay sa pangangatwiran ng isip	Resulta ng Pagpapasiya
<p>Mga lalaking atleta edad 10-13 taon ang pinadala sa isang kompetisyon ng basketbol sa Amerika. Isang gabi habang nagpapahinga sila sa kanilang <i>hotel</i>, nag-imbita ang isa sa kanila na uminom ng alak sa kanilang silid sa <i>hotel</i>. Hindi mapakali si Daniel, isa sa mga atleta, dahil sa pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.</p>			



Tuklasin

Panuto: Isulat ang salita o mga salita na nagpapahayag ng iyong sariling pagka-unawa sa salitang konsensya. Gawin ito sa kuwaderno.



Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Saan nagmula ang pananaw mo ukol sa konsensiya?
2. Batay sa iyong karanasan, ano ang natuklasan mo tungkol sa konsensiya?
3. Paano ka nagabayan ng konsensiya sa mga pasiya at kilos mo? Magbigay ng halimbawa ng sitwasyong hinarap mo.



Suriin

Ang Konsensiya at Likas na Batas Moral

Sa Modyul 1 ay naunawaan mo na natatangi ang tao dahil nilikha siya “na kawangis ng Diyos” at tinatawag na Kaniyang *obra maestra*. Kawangis ng Diyos ang tao dahil sa kakayahan niyang makaalam at magpasiya nang malaya. Ang kakayahan niyang makaalam at mangatuwiran ay tinatawag na *isip*. Ang kakayahang pumili, magpasiya, at isakatuparan ang pinili ay tinatawag namang *kilos-loob*. Dahil sa isip, may kakayahan ang tao na alamin ang katotohanan. Sa patuloy na pag-alam ng tao sa katotohanan, biniyayaan din siya ng kakayahang kilalanin ang mabuti sa masama. Ano ang tawag sa kakayahang ito? Ito ang magiging tuon ng babasahing ito: ang ating *konsensiya*.

Ano ang konsensiya? Nagmula ang salitang konsensiya sa mga salitang Latin na *cum* na ang ibig sabihin ay “*with*” o mayroon at *scientia*, na ibig sabihin ay “*knowledge*” o kaalaman. Ang konsensiya ay nangangahulugang “*with knowledge*” o may kaalaman. Ang kakayahang makaalam o magkaroon ng kaalaman ay isa sa mga kilos ng isip ng tao. Ayon kay Santo Papa Juan Pablo II, ang konsensiya ay ang pangunahing kamalayan sa mabuti at masama. Ito kung gayon ay ang *kilos* ng isip na *maghusga* kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama. Ito ang batayan ng isip sa paghuhusga ng tama o mali. Ang hatol ng konsensiya ay isang *praktikal* gawin o hindi gawin. Maaaring magkaroon ang tao ng kalituhan o hindi magandang pakiramdam sakaling makagawa siya ng pasiya at kilos na taliwas sa sinasabi ng kaniyang konsensiya. Ngunit paano nalalaman ng konsensiya ang mabuti at masama sa isang situwasyon? Saan ibinabatay ng konsensiya ang pagsukat o paghusga sa isang pasiya o kilos?

Ang Likas na Batas Moral

Sa pananaw ng marami, ang *konsensiya* ay ang “tinig ng Diyos” na bumubulong sa atin tuwing nagpapasiya o kumikilos tayo. Lahat ng tao ay taglay ito. Mayroon itong dalawang mahalagang elemento - **una**, ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti at masama sa isang situwasyon; **ikalawa**, ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligayong piliin ang mabuti. Ang pangunahing gamit ng konsensiya ay tukuyin ang *dapat* gawin sa isang situwasyon. Ngunit dahil ang konsensiya ay subhetibo, (ibig sabihin, personal at agarang pamantayan ng paghusga kung ang pasiya o kilos ay mabuti o masama at maaaring magkamali), may pinagbabatayan pa itong mas mataas na pamantayan. Ang batayang ito ay tinatawag na *Likas na Batas Moral*.

Ang Likas na Batas Moral ay batas na iniukit ng Diyos sa ating mga puso mula nang tayo’y Kaniyang nilikha. Ipinagkaloob ito sa atin dahil nakikibahagi tayo sa Kaniyang karunungan at kabutihan. Sa pamamagitan ng batas na ito, nagkaroon ng kakayahan ang tao na kilalanin ang mabuti at masama. Samakatuwid, binibigyang-direksiyon ng Likas na Batas Moral ang pagpapasiya at pagkilos ng tao.


Sinusunod natin ang batas na ito upang magkaroon ng paggalang sa kapuwa at makipagtulungan sa mga awtoridad, mga taong binigyan ng kapangyarihang pangalagaan ang kapakanan ng lahat. Sa ating pagsunod sa batas na ito, gumagawa tayo ng mabuti at napauunlad natin ang ating pagkatao. Ngunit kapag hindi natin sinusunod ito, nababawasan ang ating pagkatao.

Hindi kailangan ng isang tao na pumasok sa paaralan upang matutuhan o malaman ang Likas na Batas Moral dahil nakaukit ito sa kaniyang pagkatao. Ang unang prinsipyo ng batas na ito ay: *Gawin ang mabuti at iwasan ang masama*. Nakatatak na sa *isip* ng tao ang prinsipyong ito mula sa kaniyang pagsilang.

Narito ang mga katangian ng Likas na Batas Moral:


1. *Obhektibo (Objective)*. Ang batas na namamahala sa tao ay nakabatay sa katotohanan. Ito ay nagmula sa mismong katotohanan – ang Diyos. Ang katotohanan ay hindi nililikha; kaya hindi ito imbensiyon ng tao. Ito ay natutuklasan lamang ng tao. Pangkalahatang katotohanan ang batas na ito na may makatuwirang pundasyon. Naaayon sa reyalidad ito at hindi nakabatay sa tao. Hindi ito naiimpluwensiyahan ng anumang bagay lalo na ng pagtingin ng tao rito. Palagi itong umiiral dahil hindi ito naaapektuhan, kilalanin man ito ng tao o hindi.
2. *Pangkalahatan (Unibersal)*. Dahil ang Likas na Batas Moral ay para sa tao, sinasaklaw nito ang *lahat* ng tao. Nakapangyayari ito sa lahat ng lahi, kultura, sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon. Ito ay dahil nakaukit ito sa kalikasan ng tao; kaya't ito ay nauunawaan ng lahat at ito ay katanggap-tanggap sa lahat ng tao.
3. *Walang hanggan (Eternal)*. Ito ay umiiral at mananatiling iiral. Ang batas na ito ay walang hanggan, walang katapusan, at walang kamatayan dahil ito ay permanente. Ang kalikasan ng tao ay permanente kaya't ang batas na sumasaklaw sa kaniya ay permanente rin. Ito ay totoo kahit saan at kahit kailan.
4. *Hindi nagbabago (Immutable)*. Hindi nagbabago ang Likas na Batas Moral dahil hindi nagbabago ang pagkatao ng tao (*nature of man*). Maging ang layon ng tao sa mundo ay hindi nagbabago. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura, ang Likas na Batas Moral ang nagbibigkis sa lahat ng tao. Ito rin ang nagpapatupad ng iisang alituntunin para sa lahat.

Dahil nagbibigay ng direksiyon tungo sa mabuti ang Likas na Batas Moral, ang tao ay *may obligasyon* na ilapat ito sa kaniyang pagpapasiya at pagkilos sa pamamagitan ng **konsensiya**. Samakatuwid, ang konsensiya ay ang personal na pamantayang moral ng tao. Ito ang paglalapat ng malalawak na pangkalahatang batas moral (ang Likas na Batas Moral) sa pamamagitan ng sariling pasiya at kilos. Ito ang batayan ng konsensiya sa pagpapasiya kung ano ang mabuti at masama sa konkreong sitwasyon. Tunghayan ang sitwasyon sa ibaba.



Ayon sa larawan, nakinig ba ang mag-aaral sa kaniyang konsensiya? Paano bumuo ng tamang pangangatwiran batay sa Likas na Batas Moral upang magkaroon ng angkop na pagpapasiya at kilos araw-araw?

Mula sa: Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7. Modyul Para sa Mag-aaral*. (Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon, 2017), 136-138



Pagyamanin

Panuto sa Unang Bahagi: Suriin natin ang sitwasyon sa **Balikan** batay sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral: Gawin ang mabuti at iwasan ang masama.

Pinadala sa isang kompetisyon ng basketbol sa Amerika ang mga batang atleta, edad 10-13 taon. Isang gabi habang nagpapahinga sila sa kanilang hotel, nag-imbiba ang isa sa kanila na uminom ng alak sa kanilang silid sa hotel. Hindi mapakali si Daniel, isa sa mga atleta, dahil sa pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti. Kaya, sa halip na makiisa sa mga kasamang atleta, pinili ni Daniel na manalangin upang umiwas sa temptasyong uminom ng alak. Handa siyang harapin ang anumang sabihin ng kaniyang mga kasamang atleta sa kaniyang hindi pakikiisa.

Sinunod ba niya ang Likas na Batas Moral?

A. Pangangatwiran ng isip tungo sa katotohanan:

1. *Ang kilos ng isip na **maunawaan ang katotohanan** sa sitwasyon.* Ang pag-iwas sa pag-inom ng alak, lalo na sa murang edad, ay isang paraan ng pangangalaga ng kalusugan ng utak. Ang pag-inom ng alak ay nagiging dahilan ng unti-unting pagkawala ng memorya at kakayahang mangatwiran (*reasoning*).
2. *Ang kilos ng isip na maghusga kung ang isang pasiya o kilos ay **mabuti o masama**.*

Una, ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti o masama sa sitwasyon: mabuti at masama sa sitwasyon:

- **Mabuti** ang pag-iwas sa pag-inom ng alak dahil isang paraan ito ng pangangalaga sa kalusugan ng utak, unti-unting pagkawala ng memorya at kakayahang mangatwiran (*reasoning*). Mabuti rin ang hindi pagsama sa mga atleta sa pag-inom ng alak upang hindi mabawasan ang sariling pagpapakatao at maiwasan ang posibleng hindi magandang reputasyon ng mga batang atletang Pilipino sa kompetisyon.
- **Masama** ang pag-inom ng alak dahil may negatibong epekto ito sa utak tulad ng unti-unting pagkawala ng memorya at kakayahang mangatwiran. **Masama** rin ang pagsama sa mga atleta sa pag-inom ng alak dahil nakababawas ito sa sariling pagpapakatao at makadagdag sa hindi magandang reputasyon ng mga batang atletang Pilipino sa kompetisyon.

Ikalawa, ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.: **Mabuti** ang *hindi pagsama* sa mga atleta sa pag-inom ng alak upang hindi mabawasan ang sariling pagpapakatao at maiwasan ang posibleng hindi magandang reputasyon ng mga batang atletang Pilipino sa kompetisyon.

Kaya, dapat sundin ang sinasabi ng Likas na Batas Moral sa sitwasyon: Piliin ang mabuti (ang hindi pagsama sa pag-inom ng alak). Higit na mabuti ito kaysa makiisa sa kaniyang mga kasamang atleta.

B. Aksyon na gagawin ng kilos-loob tungo sa kabutihan batay sa pangangatwiran ng isip: Ang hindi pagsama sa pag-inom ng alak. Higit na mabuti ito kaysa makiisa sa kaniyang mga kasamang atleta.

C. Resulta ng Pagpapasiya: Sa ating pagsunod sa **Likas na Batas Moral**, gumagawa tayo ng mabuti at napauunlad natin ang ating pagkatao.

Panuto sa Ikalawang Bahagi: Ngayon, ikaw naman. Suriin ang sitwasyon na nasa kahon batay sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral: “Gawin ang mabuti at iwasan ang masama”. Gawin ito sa iyong kuwaderno gamit ang mga gabay na pahayag sa ibaba ng kahon.

Matagal ng gusto ni Carol na magkaroon ng *cellphone* dahil siya na lamang ang wala nito sa kanilang magkakaibigan. Malapit na rin ang kanilang markahang pagsusulit. Sinabi ng kanyang magulang na magiging masaya sila kung makakakuha ng mataas na marka sa markahang pagsusulit. Bilang gantimpala, bibilhan siya ng *cellphone*. Kaya nagsikap na mag-aral nang mabuti si Carol para sa kanilang markahang pagsusulit upang makakuha ng mataas na marka.

Nang dumating ang araw ng markahang pagsusulit, nakita ni Carol na iilan lamang sa mga pinag-aralan niya ang lumabas sa mga tanong. Kaya napapatingin siya sa kanyang katabi para masigurado na tama ang kanyang mga sagot. Nasabi ni Carol sa sarili na kung sakaling mangopya siya, ngayon lamang niya gagawin ito dahil sa dalawang dahilan: una, mapasaya ang kanyang magulang at pangalawa, magkaroon ng *cellphone*.

Tama ba ang kaniyang pangangatwiran ayon sa Likas na Batas Moral?

Pangangatuwiran ng isip tungo sa katotohanan:

A. Pangangatuwiran ng isip tungo sa katotohanan:

1. Ang kilos ng isip na **maunawaan ang katotohanan** sa situwasyon.
2. Ang kilos ng isip na **maghusga kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama**.

Una, ang **pagninilay upang maunawaan ang mabuti o masama** sa situwasyon:

- **Mabuti** ang _____
- **Masama** ang _____

Ikalawa, ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti:

Mabuti ang _____

Kaya, dapat sundin ang sinasabi ng Likas na Batas Moral sa situwasyon: Piliin ang mabuti (_____). Ito ay dahil _____

B. Aksyon na gagawin ng kilos-loob tungo sa *kabutihan* batay sa pangangatwiran ng isip:

C. Resulta ng Pagpapasiya: Sa ating pagsunod sa **Likas na Batas Moral**, gumagawa tayo ng mabuti at napauunlad natin ang ating pagkatao.




Isaisip

Panuto: Anong mahalagang konsepto ang nabuo sa isip mo mula sa iyong binasa sa Suriin? Isulat ito sa kuwaderno. Gabay mo ang tanong sa ibaba.

Ano ang nahinuha mong mahalagang konsepto tungkol sa tanong na: *Ano ang kaugnayan ng Likas na Batas Moral sa konsensiya ng tao?*

Ang mahalagang konseptong nahinuha ko mula sa aralin:



Isagawa

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon sa ibaba. Pag-aralan kung paano babaguhin ng tauhan ang kanyang pasya o kilos upang sumunod siya sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral. Gabay mo ang unang halimbawa.

Halimbawa:

Isang araw ng Sabado, ginagawa ni Yesa ang group report ng survey na ginawa nila sa Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 7. Nakatakdang isumite ito sa Martes sa susunod na linggo. Nagulat siya nang sinabi ng nanay niya na alagaan si Ayi, ang tatlong taong gulang na kapatid, dahil mamamalengke ang kaniyang ina. Nainis si Yesa dahil umalis ang kanyang kuya na dapat mag-alaga kay Ayi ng umagang iyon. Napilitan siyang sumagot sa kanyang nanay ng “Opo”, ngunit nagpasya siya na paaalagaan niya ito kay Balong, ang anim na taong gulang na kapitbahay nila.

Mga Tanong	Mga Sagot
1. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Yesa?	Ang tapusin ang <i>group report</i> ng <i>survey</i> at ang pag-alaga kay Ayi
2. Isinaalang-alang ba niya ang mas mataas na mabuti (<i>higher good</i>) sa sitwasyong ito sa kanyang pasya? Pangatwiran.	Hindi dahil ang mas mataas na mabuti (<i>higher good</i>) sa sitwasyong ito ay ang pag-alaga sa nakababatang kapatid. Maaari pa niyang ituloy ang <i>report</i> pag dating ng nanay niya. Sa Martes pa naman isusumite ito.
3. Paano niya babaguhin ang kanyang pasya upang tumalima o sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?	Siya na ang mag-aalaga kay Ayi imbes na paalagaan ito kay Balong, ang anim na taong gulang niyang kapitbahay. Pananagutan niya kung anuman ang mangyari kay Ayi, lalo na bata rin ang mag-aalaga rito. May panahon pa siya upang tapusin ang <i>group report</i> .
4. Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kanyang konsensya? Pangatwiran.	Hindi dahil sumunod siya sa pinag-uutos ng kanyang nanay at mas sigurado siya na ligtas sa anumang panganib o pagkasugat ang kanyang kapatid kapag siya ang nag-alaga rito.

Ikaw naman:

Sitwasyon 1: Pagkatapos ng klase, inanyayahan si Dessa ng kaniyang mga kaibigan na pumunta sa *mall* at manood ng sine. Matagal na rin mula ng huli silang nakalabas bilang isang grupo. Bago matapos ang palabas, biglang tumawag ang kaniyang ina at pilit siyang pinauuwi. Mahigpit na ipinagbabawal ng kaniyang magulang ang pamamalagi sa labas, lalo na kung gabi. Ngunit sinabihan si Dessa ng kaniyang mga kaibigan na kapag sinunod niya ang kaniyang ina, ititiwalag na siya sa kanilang barkada at hindi na iimbitahan pa sa alinmang lakad ng barkada kailanman. Ano ang dapat gawin ni Janine?

Mga Tanong	Mga Sagot
1. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Dessa?	
2. Isinaalang-alang ba niya ang mas mataas na mabuti (higher good) sa sitwasyong ito sa kanyang pasya? Pangatwiranan.	
3. Paano niya babaguhin ang kanyang pasya upang tumalima o sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?	
4. Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kanyang konsensya? Pangatwiranan.	

Sitwasiyon 2: Nalalapit na ang markahang pagsusulit sa paaralan nila John nang kausapin siya ng kaniyang ama. Ayon kay Mang Peter, bibilhin niya ang pinakabagong modelo ng *cellphone* na gusting-gusto ng kaniyang anak, sa kondisyon na makakuha siya ng mataas na marka sa lahat ng asignatura. Magandang motibasyon ito para kay John kaya't naghanda at nag-aral siya nang mabuti. Nang dumating ang araw na pinakahihintay, napansin ni John na wala sa kaniyang pinag-aralan ang mga tanong sa pagsusulit. Kahit kinakabahan, sinimulan niyang sagutin ang mga tanong. Dahil hindi sigurado, makailang beses siyang natuksong tumingin sa sagutang papel ng kaniyang katabi lalo na kapag hindi nakatingin ang guro. Naisip niya na sa itong markahan lamang siya mangongopya at hindi na niya ito uulitin pa. Bukod dito, ayaw niyang mawala ang pagkakataon na mapasaya ang kaniyang ama at magkaroon ng bagong *cellphone*. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni John, ano ang gagawin mo?

Mga Tanong	Mga Sagot
1. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni John?	
2. Isinaalang-alang ba niya ang mas mataas na mabuti (higher good) sa sitwasyong ito sa kanyang pasya? Pangatwiranan.	
3. Paano niya babaguhin ang kanyang pasya upang tumalima o sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?	
4. Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kanyang konsensya? Pangatwiranan.	

Sagutin ang mga tanong:

1. Naging madali ba sa iyo ang pagsagot sa gawain? Bakit?
2. Ano ang iyong naging pasiya sa bawat sitwasyon? Sa iyong palagay, tama ba ang iyong pasiya?



Tayahin

Panuto: Basahin at unawing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Mayroong dalawang elemento ang konsensiya: **una**, ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti at masama sa isang sitwasyon; **ikalawa**, ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti. Ito ay nangangahulugang ang pangunahing gamit ng konsensiya ay:
 - a. kilalanin ang mabuti at masama sa isang sitwasyon.
 - b. tukuyin ang *dapat* gawin sa isang sitwasyon
 - c. makinig sa pakiramdam na piliin ang mabuti.
 - d. pagnilayan ang kalalabasan ng pasiya o kilos.

2. Ano ang batayan ng konsensiya sa paghusga ng mabuti at masama?
 - a. Batas panlipunan
 - b. Likas na Batas Moral
 - c. Mga aral ng magulang
 - d. Mga turo sa simbahan

3. Ang Likas na Batas Moral ay hindi naiimpluwensiyahan ng anomang bagay lalo na ng pagtingin ng tao rito. Ang batas na ito ay nangangahulugang:
 - a. di nagbabago
 - b. obhektibo
 - c. unibersal
 - d. walang hanggan

4. Alin sa sumusunod ang tama tungkol sa Likas na Batas Moral?
 - a. Ito ay batas na binuo ng lipunan upang magkaroon ng gabay ang bawat isa sa pagiging mabuti.
 - b. Ito ang nagbibigay ng kakayahan sa konsensiya na kilalanin ang mabuti at masama.
 - c. Ito ay pamantayan na dapat sundin ng lahat ng nilikha ng Diyos na may buhay.
 - d. Ito ang batayan ng paghusga sa kung ano ang tama at maling pasiya at kilos.

5. Ano ang magandang epekto sa konsensiya kung gagamitin nitong gabay ang Likas na Batas Moral?
 - a. Matutukoy ng konsensiya ang mabuti o masama at magagabayan ang ating mga pasiya at kilos.
 - b. Magkakaroon ng pamantayan ang ating konsensiya sa pagtukoy ng ating mga pangarap.
 - c. Malalaman ng kilos-loob ang kaibahan ng tama sa mali sa mahirap na sitwasyon.
 - d. Magiging handa tayo sa mga mahihirap na sitwasyon na darating sa ating buhay.

6. Sa pamamagitan ng Likas na Batas Moral, nakikilala ng tao ang mabuti at masama. Ngunit mayroon ding malayang kilos-loob ang tao na may kakayahang piliin ang mabuti o masama. Ano ang mabubuod mula sa mga pangungusap na ito?
 - a. Nakikilala ng tao ang mabuti o masama dahil sa Likas na Batas Moral ngunit dahil malaya siya, maaari pa rin niyang piliin ang masama
 - b. Laging mabuti ang pipiliin ng tao dahil alam niya ng konsensiya niya ang pamantayang Likas na Batas Moral.
 - c. Hindi kailanman pipiliin ng malayang kilos-loob ang gumawa ng masama dahil alam nito ang mabuti at masama.
 - d. Dahil sa Likas na Batas Moral, nalalaman ng konsensiya ang tamang batayan ng mabuti at masama.

7. Nakita mo ang iyong matalik na kaibigan na kumokopya ng takdang-aralin sa isang kamag aral. Hinikayat niyang kumopya ka rin dahil sa wala ka ring takdang-aralin. Sinasabi sa iyo ng iyong konsensiya na dapat maging tapat ka sa mga gawain pang-akademiko sa paaralan. Ano ang iyong dapat gawin?
 - a. Magpapasalamat ka sa iyong matalik na kaibigan at pakokopyahin mo na lang siya sa susunod na ikaw naman ang may ginawang takdang-aralin.
 - b. Susundin mo ang iyong konsensiya at gagawa ka ng sariling takdang-aralin upang maging tapat ka sa paggawa ng takdang aralin.
 - c. Sasabihin mo sa iyong guro na wala kang takdang-aralin at gagawin mo na lang ang susunod na takdang-aralin.
 - d. Makikinig sa iyong konsensiya at hindi na gagawa ng takdang-aralin.

8. Ang konsensiya ay ang personal na pamatayang moral ng tao. Ang pahayag ay:
 - a. Tama, dahil ang konsensiya ay ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad sa tao.
 - b. Mali, dahil ang Likas na Batas Moral ang mas mataas na pamantayan ng moralidad.
 - c. Mali, dahil ang paghuhusga ng tama at mali ay hindi personal.
 - d. Tama, dahil ang konsensiya ang kumikilala sa tama at mali.

9. Alin sa sumusunod ang *hindi* naglalarawan sa konsensiya?
 - a. Ito ang nagsasabi sa atin nang malinaw kung ano ang dapat nating gawin o hindi gawin
 - b. Ito ay ang kilos ng isip na *maghusga* kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama.
 - c. Ito ay ang batayan ng kilos-loob sa paghuhusga ng mabuti o masama.
 - d. Ito ay ang pangunahing kamalayan sa mabuti at masama.

10. Ang Likas na Batas Moral ay para sa lahat ng tao. Ito ay nauunawaan at katanggap-tanggap sa lahat. Dahil ito ay nakaukit sa kalikasan ng tao, sinasaklaw nito ang lahat ng tao. Ito ay nanginigbabaw sa lahat, anuman ang lahi, kultura, sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon. Anong katangian ng Likas na Batas Moral ang ipinahahayag dito?
 - a. Ang Likas na Batas Moral ay laging obhektibo.
 - b. Hindi nagbabago ang Likas na Batas Moral.
 - c. Walang hanggan ang Likas na Batas Moral.
 - d. Ang Likas na Batas Moral ay unibersal.



Karagdagang Gawain

Panuto: Sa mga ginawa mong pasiya sa nakaraan, alin sa mga ito ang nais mong baguhin at paunlarin upang sundin ang tamang paghuhusga ng konsensiya? Pumili ng pauunlarin bawat araw mula sa sumusunod:

- Pagtupad sa gawaing-bahay
- Pakikipag-ugnayan sa kapatid, magulang, o *guardian*
- Paraan ng pakikipagkaibigan
- Pagtupad ng mga gawain sa paaralan

Gawin ang “Kontrata ng mga Pasiya at Kilos na Pauunlarin Ko”. Gamiting gabay ang halimbawa sa ikalawang kolum.

Kontrata ng mga Pasiya at Kilos na Pauunlarin Ko

	Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
Kung (Ang pasiya o kilos na kailangang baguhin)	Naglalaro ako ng <i>computer games</i> tuwing Linggo bago gawin ang <i>homework</i> ko.						
Damdamin ko (Damdamin ko sa pasiya o kilos)	Nalulungkot ako dahil naging pabaya ako sa aking pag-aaral. Nagsisisi ako dahil wala akong maisumiteng <i>homework</i> kinabukasan.						
Kaya (Ang dapat kong gawin tungo sa kabutihan)	Uunahin ko ang paggawa ng <i>homework</i> bago maglibang tulad ng paglalaro ng <i>computer games</i> .						

Lagda ng mag-aaral
(Tagatupad ng kontrata)

Lagda ng kapatid o kaklase na
sumubaybay sa tagatupad

Lagda ng Magulang


Pagninilay

Panuto: Pumunta sa isang tahimik na lugar. Gunitain ang isang pasyang ginawa mo noong nakaraang lingo na nagresulta sa iyong kalungkutan, pagkabagabag o pagsisisi. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong *journal notebook*.

1. Ano ang dapat o maaari kong baguhin sa paraan ng aking pagpapasya (halimbawa, pagtitimbang ng higit na mabuting opsyon o kilos ayon sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral, kumunsulta sa taong pinagkakatiwalaan pagkatapos makabuo ng pansamantalang pasya, iwasan ang padalos-dalos na pagpapasya o pagmamadali)?
2. Kung babalikan ko ang pasyang ginawa ko, ano ang aking babaguhin at bakit?

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, tumungo ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito.

Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral at ng guro.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN			TAYAHIN
Paksa	Kasanayan	Sagot	
1. Konsensiya	Kaalaman	A	
2. Konsensiya	Pag-unawa	C	
3. Kahulugan ng Likas na Batas Moral	Kaalaman	B	
4. Katangian ng Likas na Batas Moral	Pag-unawa	B	
5. Kahulugan ng Likas na Batas Moral	Kaalaman	D	
6. Kahulugan ng Likas na Batas Moral	Aplikasyon	A	
7. Paggamit ng Konsensiya	Aplikasyon	C	
8. Katangian ng Konsensiya	Pagsusuri	A	
9. Katangian ng Konsensiya	Pag-unawa	B	
10. Kahulugan ng Likas na Batas Moral	Pag-unawa	B	

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7, Modyul Para sa Mag-aaral (2017), Kagawaran ng Edukasyon, Pasig City. Pahina 129-147

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph